Colonialism has changed how mainland Filipinos and Fil-Ams view each other, highlighting cultural and social friction between the two. This is due to the lingering influence of Western ideals and their imprint especially on the Fil-Ams on Twitter, which then allows them to present themselves as being a superior version of the Mainland Filipino who they deem as needing to be educated.

3.3. *Bagong MO: Ulterior Motives in Controversy*

Controversies, as discussed in the first two sections, are a quick way for a person or an issue to capture the attention of others. The concept of surveillance supports this as people observe and contribute toward the issue happening by expressing their views on it. Through the people's participation, the controversy and those involved in it suddenly become points of discussion, especially when carried out in a public space such as Twitter.

Theoretically, the chances of MYMP using the controversy as a publicity stunt are slim as it



brought more harm than good. However, the attention garnered from this can easily be manipulated by the perpetrators themselves. To quote Bibo Reyes, “these people do these things to get a reaction,” (Figure 5).



The page that FT users were calling out in Figures 6.1-6.3, Pilipinx Against Colonialism, has been rumored to be a satire page. The page is speculated to have been created by conservative Filipinos from the Philippines who aim to spark controversy between Mainland Filipinos and the Filipino Diaspora. As seen in the discussion in the previous section, its goal was successful.



Figure 6.1



Figure 6.2



Figure 6.3

It is possible that public figures like MYMP and the rumored-to-be-satire Pilipinx Against Colonialism page use call-out culture and one of its by-products, controversy, as a means of manipulating the public mindset. This is supported by the potential ulterior motives of both groups, which are to gain publicity and cause friction between the Filipino Diaspora and the Mainland, respectively.

4. CONCLUSIONS

This study has focused on the phenomenon of call-out culture and its influence on Filipinos through the social media platform Twitter. Through the use of the ISA and the synopticon as a lens to analyze instances of call-out culture in FT (which mainly relate to themes of colonialism and racism), the researchers have made three notable discoveries: (1) There is a divide present between the FME and FT wherein the former proliferates racist ideas and concepts that the latter call out on; (2) Colonialism has affected how Filipinos (mainly Mainland Filipinos and the Filipino Diaspora) view each other; and (3) Amid the chaos, public figures can use call-out culture and, as a byproduct, controversy to manipulate the public mindset (especially FT) for their own agendas. This research has hoped to serve as the beginning of a meaningful discussion on the issue of call-out culture in Filipino social media and as a foundation for future researchers to build upon.

5. ACKNOWLEDGMENTS

We would like to thank our research advisor Ms. Ina Abuan, for guiding us throughout the research process and for being patient with us. We would also like to thank our adviser, Mr. Lambert Yancy Garganta, for being a constant source of moral support, and Mr. Christian Gopez, our research coordinator, for encouraging us to participate in the Research Congress and guiding us throughout our PRACRES journey in Grade 12.

6. REFERENCES

Althusser, L. (1971). Ideology and Ideological State Apparatuses (Notes towards an investigation). In Lenin and Philosophy and Other Essays (pp. 142-7 & 166-76). New York and London: Monthly Review Press.

Cockshott, P. (2019). Althusser’s theory of ideology: Reversion to idealist mystery. Critique, 47(4), 551-583. doi:10.1080/03017605.2019.1678268

Doyle, A. (2011). Revisiting the synopticon: Reconsidering Mathiesen’s ‘The Viewer Society’ in the age of Web 2.0. Theoretical Criminology,



15(3), 283–299.
<https://doi.org/10.1177/1362480610396645>

Duchi, F. (2019). The 'call-out culture' controversy: An identity-based cultural conflict. Retrieved from https://www.academia.edu/41128832/The_call_out_culture_controversy_An_identity_based_cultural_conflict

Inquirer.net U.S. Bureau. (2019, November 18). Filipino population in U.S. now nearly 4.1 million -- new Census data. Retrieved from <https://usa.inquirer.net/47388/filipino-population-in-u-s-grew-to-nearly-4-1-million-in-2018-new-census-data>

Johnson, M.N. & McLean, E. (2020). Discourse analysis. *International Encyclopedia of Human Geography*, 377-383. doi:10.1016/b978-0-08-102295-5.10814-5

Mathiesen, T. (1997). The Viewer Society: Michel Foucault's 'Panopticon' Revisited. *Theoretical Criminology*, 1(2), 215-234. Retrieved from <https://doi.org/10.1177/1362480697001002003>

Rappler. (2020). MYMP's Chin Alcantara slammed for performing in blackface, saying 'Black Lives Matter' a joke. Retrieved from <https://www.rappler.com/entertainment/music/mymp-chin-alcantara-draws-flak-blackface-saying-black-lives-matter-is-a-joke>

The World Bank. (2019). Population, total - Philippines. Retrieved January 24, 2021, from <https://data.worldbank.org/indicator/SP.POP.TOTL?locations=PH>

Tucker, B. (2018). 'That's Problematic': Tracing the Birth of Call-Out Culture. Retrieved from <https://ojs.leedsbeckett.ac.uk/index.php/SOC/article/view/4545>



Pagdalumat sa Sosyo-kultural at Pangkapaligirang Aspekto ng Uhayan Festival Gamit ang Likas-kayang Balangkas ng Pistang Pamana Pistang Naaayon

Philip Andre E. Bartolabac, Gabriel Daniel S. Cruz, Luigi O. Estrella
and Jeyson T. Taeza, Research Adviser
De La Salle University Integrated School, Biñan City, Laguna

Abstrak: Ang kapistahan ay pagdiriwang na nagsisilbing daluyan upang maipamalas ng isang pamayanan ang natatangi nitong tradisyon, paniniwala, produkto, at kultura sa pangkalahatan. Bagamat maraming mga pag-aaral na naisagawa ukol sa ugnayan ng pista at kultura, iilan pa lamang ang mga pag-aaral na nakatuon sa likas-kayang katangian ng mga kapistahan. Layunin ng pag-aaral na ito na dalumatin ang mga likas-kayang katangian ng Uhayan Festival sa Barangay Macabling, Sta. Rosa City, Laguna gamit ang balangkas ng Pistang Pamana at Pistang Naaayon. Kinalap ang mga datos sa pamamagitan ng katutubong pamamaraan na pakikipagkwentuhan sa mga susing tao na may kaugnayan sa implementasyon ng Uhayan Festival. Ang mga nakalap na datos na sumailalim sa coding at transkripsyon ay sinuri at isinatema batay sa mga aspekto ng likas-kayang balangkas ng Pistang Pamana at Pistang Naaayon: sosyal, kultural, at pangkapaligiran. Batay sa pag-aaral, ang mga programang nakapaloob sa Uhayan Festival ay nagtataguyod ng pagkakabuklod-buklod ng pamayanang Macabling. Sa kultural na aspekto, itinatampok ng Uhayan Festival ang iba't ibang gawain na nagsisilbing repleksyon ng Barangay Macabling bilang isang agrikultural na pamayanan. Ipinamalas ng Uhayan Festival ang kahalagahan ng pagtiyak sa pagiging likas-kaya ng isang kapistahan upang matagumpay at makabuluhan nitong magampanan ang mga layunin upang ito ay manatiling buhay at sustentable. Sa pangkalahatan, ipinakita ng pag-aaral na ito na ang pagtatampok ng kapistahan ay tumatawid sa kultural na aspekto tungo sa sosyal at pangkapaligirang aspekto. Mahalagang pag-aralan ang dinamiko ng pagkakaisa ng mga stakeholders ng kapistahan gayundin ang ginagawang hakbang sa pangangalaga ng kalikasan.

Mga Susing Salita: Uhayan Festival; likas-kaya; sosyal; kultural; pangkapaligiran

1. PANIMULA

Ang mga kapistahan ay maituturing na mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino—ito ay nagiging daluyan upang maitampok ng isang pamayanan ang kanilang kultura, produkto, at ang kanilang mga paniniwala (Amtalao at Lartec, 2015). Malinaw ang ugnayan sa pagitan ng kapistahan at kultura ng isang pamayanan. Mahalagang pag-aralan ang mga pista sa pagdalumat ng kultura at integridad ng isang pamayanan upang higit pang maipakilala at maibahagi ang natatanging yaman na ito sa iba.

Bagamat marami ng mga pag-aaral na naisagawa na nagpapatunay sa matibay na ugnayan ng mga kapistahan sa Pilipinas, iilan pa lamang ang mga pananaliksik na dumalumat sa pagiging likas-kaya o sustentable ng mga kapistahan (Bandala, 2018). Ang mga pagtitipon tulad ng mga kapistahan ay kinakailangang umangkop sa pangangailangan ng pamayanan upang manatili itong buhay at magampanan ang mga layunin nito. Bukod sa layunin

nitong mapagbuklod ang isang pamayanan at ipakilala ang kultura nito, ang mga kapistahan ay maituturing ding paraan upang itaguyod ang turismo ng isang lugar. Ang *cultural tourism* ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang maiangat ang ekonomiya ng isang lugar (Apostolakis & Viskadouraki, 2017). Ang pagtatampok ng mga pista ay nagbibigay-daan sa mga oportunidad para sa lokal na negosyo. Samakatuwid, habang ang mga kapistahan ay nakapagbibigay ng pagkakataon na lumago ang ekonomiya ng isang pamayanan, nagbibigay rin ito ng kakayahang ipreserba ang kultura nito (Quinn at Wilks, 2013). Ayon kay Quinn (2006), isa sa mga pangunahing rason sa pagdiriwang ng mga kapistahan ay ang benepisyo nito sa turismo at ekonomiya ng lugar.

Isa sa mga hamong dapat tugunan ng mga kapistahan ay mapanatili itong likas-kaya o sustentable. Upang mailarawan ang isang kapistahan na sustentable, may iba't ibang aspekto ang dapat

suriin. Isa sa mga aspektong ito ang kultural na aspekto ng kapistahan at maging ang epekto nito sa kalikasan. Ayon kay Wee (2015), upang maging likas-kaya ang isang kapistahan, kinakailangan ang estruktura at kultura ang magiging sentro ng kapistahan at may kabuluhan sa lugar na pinagdarausan ng kapistahan. Pangalawa, kailangan ng suporta at pakikilahok ng mga lokal sa pagtatampok ng kapistahan. Pangatlo, kinakailangan din na matiyak na positibo ang pangkalahatang karanasan ng mga turistang dadalo sa kapistahan. Isa pang batayan ng pagiging likas-kaya ng mga pista ay ang tinatawag na *Triple Bottom Line* (TBL) na nagmula kay Elkner noong taong 1987 (Tyrrell et al., 2013). Tinitingnan ng TBL ang aspekto ng kikitang pera, pati na rin ang sosyo-kultural at pangkapaligiran na epekto na dulot ng isang kapistahan sa mga mamamayan at mga turista.

Ang paksa ukol sa pagiging likas-kaya ng mga kapistahan ay naidokumento lamang gamit ang malalaki at pangunahing kapistahan sa Pilipinas. Mahalagang mapag-aralan din ang maliliit na kapistahan dahil katulad ng malalaking kapistahan, ang mga ito ay nakakatuong din sa pagkakabuklod-buklod ng mga lokal na residente at sa pagpapanatili ng kanilang kultura at pagkakakilanlan. Isa sa halimbawa nito ay ang Uhayan Festival sa Laguna. Ito ay isang taunang kapistahan na ginaganap tuwing ika-15 ng Mayo bilang pasasalamat at pagbibigay-dangal kay San Isidro Labrador. Ang kapistahan na ito ay ginugunita sa barangay ng Macabling na matatagpuan sa lungsod ng Santa Rosa, Laguna. Nagmula ang pangalan ng kapistahan sa salitang “uhay” na nangangahulugang tangkay kung saan umuusbong ang mga butil ng palay.

Nagsimulang ganapin ang Uhayan Festival noong 2008 na noon ay itinatapat sa kapanahunan ng pag-ani. Ang Uhayan Festival ay nabuo sapagkat nakita ng mga nanunungkulan noong panahon na iyon kung gaano kasagana ang ani at kung paano nakatulong ang pagsasaka sa unti-unting paglago ng barangay. Mula rito, nagpasya ang Sangguniang Barangay noong 2008 na lumikha ng ordinansa para sa taunang pagtatampok ng Uhayan Festival. Ang Uhayan Festival ay karaniwang ginugunita ng pista hanggang limang araw. Sa kapanahunan ng pista, nagkakaroon ng mga *variety shows, singing contests, dance contests*, at iba pa na may layuning itampok ang Macabling bilang isang agrikultural na pamayanan. Itinuturing ito bilang isang panahon kung saan ang bawat sitio at kapitbahayan ay nagkakilala, naghahanda, nagtutulungan, at nagkakaisa.

Sa kasalukuyan, wala pang pananaliksik ang naisasagawa upang dalumin ang Uhayan Festival. Bukod dito, wala pang anumang pag-aaral ang tumatalakay sa pagiging likas-kaya o sustentable ng

nasabing kapistahan. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan ng mga susunod pang pag-aaral tungkol sa Uhayan Festival. Bukod dito, ang pag-aaral din ay maaaring makatulong sa mga namamahala sa pagtatampok ng kapistahan upang makita ang iba’t ibang likas-kayang katangian ng Uhayan Festival tungo sa patuloy na pagpapabuti at pagpapayaman ng Uhayan Festival.

1.1 Konseptwal na Balangkas

Ginamit ng pag-aaral na ito ang balangkas na Pistang Pamana Pistang Naayon na nilikha ni Bandala (2018) upang dalumin ang mga likas-kayang katangian ng Uhayan Festival. Ang balangkas na ito ay angkop sa pananaliksik sapagkat ito ay nabuo mula sa danas ng mga kapistahan sa Pilipinas. Bukod dito, ang nasabing balangkas ay angkop din na gamitin sa mga maliliit na kapistahan tulad ng Uhayan Festival.




Figura 1. *Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral*

Gamit ang balangkas na ito, maingat na sinuri ng mga mananaliksik ang aspektong sosyo-kultural at pangkapaligirang ng Uhayan Festival sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pinakamahuhusay na estratehiya ng Uhayan Festival. Tinalakay sa sosyal na aspekto ang mga gawain na nagtataguyod ng pagkakabuklod-buklod ng mga lokal.

Tinalakay naman sa pangkultural na aspekto ang mga itinatampok sa Uhayan Festival na may mga kahulugan at kabuluhang pangkultura katulad ng mga sayaw, pagkain, at kasuotan ng mga kalahok sa Uhayan Festival. Sa pangkalahatan, ang aspektong ito sumasaklaw sa kakayahan ng Uhayan Festival na itampok at panatilihin ang agrikultural na pagpapahalaga ng Barangay Macabling.



Sa ikatlong aspekto tinalakay ang pangkapoligirang aspekto na may kinalaman sa pagpapanatiling masinop at organisadong kalikasan tuwing pagdiriwang ng Uhayan Festival. Sakop din nito ang pagtiyak sa seguridad at kaligtasan ng kasangkot sa Uhayan Festival pati na rin ang mga bisita at turista.

1.2 Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na dalumatin ang sosyo-kultural at pangkapoligirang aspekto ng Uhayan Festival sa Barangay Macabling, Sta. Rosa City, Laguna gamit ang likas-kayang balangkas na Pistang Pamana Pistang Naayon. Layunin ng pag-aaral na tugunan ang mga sumusunod na tiyak na layunin:

1. suriin ang mga gawain sa Uhayan Festival na nagtataguyod ng pagkakaisa at pakikisangkot (Pansosyal na Aspekto) ng mga residente ng Barangay Macabling;
2. tukuyin ang mga gawain sa Uhayan Festival na may kinalaman sa pagpapanatili at pagpapatibay ng kultura (Kultural na Aspekto) ng Barangay Macabling; at
3. suriin ang mga estratehiyang ginagamit sa pangangasiwa ng kapaligiran (Pangkapoligirang Aspekto) sa tuwing idinaraos ang Uhayan Festival sa Barangay Macabling

2. METODOLOHIYA

Dinalumat ng palarawang pag-aaral na ito ang likas-kayang katangian ng Uhayan Festival batay sa balangkas ng Pistang Pamana Pistang Naayon ni Bandala (2018). Ang mga datos sa papel na ito ay kinalap sa pamamagitan ng katutubong pamamaraan ng pakikipagkuwentuhan (informal conversation) at ginabayang talakayan (collective indigenous discussion) sa mga susing tao na may kaugnayan sa pagpapalano at pagpapatupad ng Uhayan Festival sa Barangay Macabling, Sta. Rosa City, Laguna. Kabilang sa mga naging kasangkot sa pag-aaral ay ang mga dati at kasalukuyang kasapi o konsehal ng Sangguniang Barangay ng Macabling, dati at kasalukuyang kasapi ng Sangguniang Kabataan ng Macabling, at iba pang mahahalagang susing tao na may kinalaman sa pagpapalano at pagsasagawa ng Uhayan Festival.

Ang mga tanong at gabay sa talakayan ay sumailalim sa content validity upang matiyak na makakalap ang mga kinakailangang datos na tutugon sa layunin ng pag-aaral. Humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik na irekord ang kabuonan ng pakikipagkuwentuhan (informal conversation) at ginabayang talakayan (collective indigenous discussion). Ang mga nairekord na Zoom video meeting ay sumailalim sa proseso ng transkripsyon at

coding. Gamit ang likas-kayang balangkas ng Pistang Pamana Pistang Naayon, dinalumat at sinuri ang iba't ibang likas-kayang katangian ng Uhayan Festival batay sa Pansosyal na Aspekto, Pangkultural na Aspekto, at Pangkapoligirang Aspekto.

3. RESULTA AT PAGTALAKAY

Tinalakay sa bahaging ito ang iba't ibang gawain sa Uhayan Festival na nagpapakita sa pagiging likas-kaya o sustentable ng kapistahan. Hinati sa tatlo ang pagtalakay ng mga datos batay sa iba't ibang aspekto ng Pistang Pamana Pistang Naayon ni Bandala.

3.1 Pansosyal na Aspekto

Nakapaloob sa pagdiriwang ng Uhayan Festival ang sari-saring gawain at programa na nagtataguyod ng pagkakaisa ng mga mamamayan ng Barangay Macabling. Sa pamamagitan nito ay naipamamalas ang pagkakabuklod-buklod ng mga buong pamayanan upang matagumpay na maitampok ang kapistahan.

Talahaanayan 1. Mga Gawaing Nagpapakita ng Pansosyal na Aspekto ng Uhayan Festival

Pinakamahuhusay na Gawain	Gampanin sa Uhayan Festival
Dance Exhibition	Ito ang patunay sa kakayahan ng kapistahan na maging lunduyan ng pagkakaisa, sapagkat naipapamalas nito ang pagsasama at pagkakaisa ng mga kalahok mula sa paghahanda hanggang sa araw ng patimpalak. Ang programang ito ang isa sa mga rason kung bakit at paano nagkakaisa ang mga taga-Macabling. Nabanggit ni Teodori at Lullof (1998) na ang pakikilahok sa mga kapistahan ay malaking kadahilanan sa pag-usbong ng pagkakaisa sa loob ng isang pamayanan.
Street Dance Competition ng Bawat Purok ng Barangay	Ipinahihwatig sa sayaw ng <i>street dance competition</i> ang sining at pagiging malikhain ng nagkakaisang pangkat. Bago pa man ang araw na ito ay gaganapin, ibayong pag-eensayo ang kinakailangan upang matiyak na ang bawat pangkat ay handa. Makikita ang pagkakaisa ng mga kasapi ng Uhayan Festival sapagkat naipapamalas ng bawat purok ang kanilang natatanging kultura at interpretasyon sa Uhayan Festival sa pamamagitan ng isang patas at konstruktibong paligsahan.
Palarong Pinoy	May malaking ginagampanan sa Uhayan Festival ang mga programa tulad ng Palarong Pinoy sapagkat isa ito sa ilang pamamaraan upang itaguyod ang nagkakaisa at nagtutulungang pangkat. Ang mga laro tulad ng <i>agawang baby palo sebo</i> , at <i>agawang buko</i> ay idinaraos sa kapanahunan ng Uhayan Festival



Variety Shows	sapagkat ito ay nagiging daluyan ng pagkakaisa at pagtutulungan ng pamayanan sa isang nakakatuwa at magaan na paraan. Sa konteksto ng Uhayan Festival, idinaraos ang <i>beauty pageants at Rosas ng Macabling</i> sapagkat ito ay isang kaganapan kung saan naipapamalas ng isang pangkat ang pagkakaisa sa pagpapakita ng suporta sa kanilang kinatawan. Nakikita dito kolaborasyon ng mga residente upang malikhaing bihisan at tiyakin na ang kanilang kinatawan ay handang makipagpaligsahan.
Ugnayan ng lokal na pamahalaan at simbahan	Isa sa mga katangian ng likas-kayang kapistahan ay ang kolaborasyon ng lokal na pamahalaan at simbahan. Sa Uhayan Festival, malinaw na ipinapakita ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng lokal na pamahalaan ng Macabling at ang simbahan. Sa pamamagitan nito, masinop na nailalatag ang gampanin ng dalawang mahalagang tagapagtaguyod ng kapistahan.

3.2 Pangkultural na Aspekto

Isa sa mga pamantayan upang masabing likas-kaya o sustentable ang isang kapistahan ay pagkakaroon nito ng mga gawaing nagtatampok sa natatanging kultura ng pamayanan. Nakapaloob sa pagdiriwang ng Uhayan Festival ang sari-saring gawain at programa na may kultural na kabuluhan at simbolismo.

Talahanayan 2. Mga Gawaing Nagpapakita ng Pangkultural na Aspekto ng Uhayan Festival

Pinakamahuhusay na Gawain	Gampanin sa Uhayan Festival
Malikhaing Kasuotan at Props na Nagpapakita sa Agrikultural na Kultura	Sa Uhayan Festival, masisilayan ang pagpapadaloy ng natatanging kultura sa pagsuot ng mga mananayaw ng damit na karaniwang suot ng mga magsasaka. Makikita rin na gawa sa palay, ang pangunahing produkto ng Macabling, ang mga props na kanilang ginagamit. Manipestasyon ito ng kulturang pang-agrikultura na taglay ng Macabling.
Pagsayaw	Ang pagsayaw ay isa sa mga paraan ng Uhayan Festival upang panatilihin ang kultura ng pagsasaka sa Barangay Macabling. Sa pamamagitan nito, malikhaing nailalapat ng mga mananayaw sa saliw ng awit ang galaw o kumpas na may kaugnayan sa pagsasaka.
Pagdakila at Pagkilala kay San Isidore Labrador	Malaking bahagi ng kasaysayan ng Barangay Macabling ang pagsasaka sapagkat isa ito sa mga dahilan kung bakit umunlad ang barangay. Ang Uhayan Festival ay isang papuri kay

Pagpapayaman sa Pampamilyang Pagpapahalaga	sa Malaki ang gampanin ng mga pampamilyang pagpapahalaga sa pagiging likas-kaya ng Uhayan Festival. Sa pamamagitan nito, napapanatili ang magandang relasyon ng mga kasapi ng isang pamilya dahil sila ay sama-samang naghahanda para sa Uhayan Festival. Isa rin itong panahon kung saan nagsasama at nabubuklod ang isang pamilya. San Isidore Labrador na itinuturing na patron ng mga magsasaka.
--	---

3.3 Pangkapaligirang Aspekto

Ipinamalas ng Uhayan Festival ang iba't ibang mga hakbang upang matiyak na napangangalagaan ang kapiligran sa kabila ng magarbo at abalang pagtatampok ng kapistahan. Tinitiyak na hindi naisasakripisyo ang kalagayan ng kalikasan sa tuwing ginaganap ang Uhayan Festival.

Talahanayan 3. Mga Gawaing Nagpapakita ng Pangkapaligirang Aspekto ng Uhayan Festival

Pinakamahuhusay na Gawain	Gampanin sa Uhayan Festival
Kaligtasan ng Bawat Kasapi sa Uhayan Festival	Ang mga tagapagtaguyod ng pistahan ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensya upang matiyak na ligtas at payapa ang pagdiriwang ng Uhayan Festival. Bukod dito, mayroon ding nakahanda na <i>emergency response team</i> ang Sangguniang Barangay sa panahon na may masaktan habang nagaganap ang pagdiriwang.
Kalinisan at Kaayusan ng Kapaligiran	Tinitiyak ang kalinisan ng kapaligiran sa Barangay Macabling sa gitna ng pagdiriwang ng Uhayan Festival. Ang Sangguniang Barangay ay nagtatakda ng mga susing tao at mga susing pangkat na nag-aayos at nagtatapon ng basura habang ginaganap ang pagdiriwang. Mahigpit at kontrolado ang proseso pagdating sa kalinisan ng kapaligiran.
Pangangasiwa sa Daloy ng mga Sasakyán	Dahil kailangan na ligtas ang mga mananayaw at ang mga manonood, ipinatupad ng opisyal ng Uhayan Festival na bawal dumaan ang mga kotse kapag sila ay namamarada. Nagsasara sila ng mga <i>entry points</i> upang walang kotse na makakapasok at nagkakaroon ng traffic plan upang matiyak din na hindi maantala ang karaniwang daloy ng mga sasakyán.
Integrasyon ng Kaalamang Pangkalikasan sa mga Gawain	Sa mga paligsahan katulad ng street dance competition, isa sa mga pamantayang tinitingnan ay kalinisan at kaayusan ng pagtatanghal. Bukod dito, kinakailangan din na ang mga materyales na gagamitin ay pawang recyclable at gawa sa mga indigenous material.



3.4 Paglalagom

Dinalumat ng pag-aaral na ito ang iba't ibang likas-kayang katangian ng Uhayan Festival sa Barangay Macabling, Sta. Rosa City, Laguna gamit ang balangkas na Pistang Pamana Pistang Naayon.

Ipinakita sa pag-aaral na ito ang kahalagahan ng iba't ibang aspekto upang magampanan ng iba't ibang kapistahan ang mga layunin nito habang tinitiyak ang pagiging likas-kaya nito. Ang mga kapistahan gaya ng Uhayan Festival ay isang produkto ng pagtutulungan ng iba't ibang mahahalagang sektor tulad ng lokal na pamahalaan, ang simbahan, gayundin ang mga mismong residente ng pamayanan na aktibong nakikiisa sa pagtatampok nito. Ang pagtatampok ng mga kapistahan ay tumatawid hindi lamang sa pagtatampok ng kultural na aspekto kundi pati rin ang pagpapakikita sa magandang ugnayan ng mga taong bahagi ng kapistahan habang tinitiyak ang pangangalaga sa kapaligiran. Inilatag ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagdalumat sa likas-kayang katangian ng isang kapistahan upang magsilbing pagtataya sa mga *stakeholders* ng kapistahan. Ang mga natukoy na gawain ay maaaring maging batayan ng mga tagapagtaguyod ng Uhayan Festival upang panatilihin ang pagiging likas-kaya ng Uhayan Festival.

Iminumungkahi ng pag-aaral na ito ang mas malalim pang pagdalumat sa mga likas-kayang katangiang taglay ng mga kapistahan mula sa pananaw ng ibang stakeholders. Mahalagang mapag-aralan ang mga likas-kayang katangian ng kapistahan mula sa perspektibo ng mga residente, ng mga nagtatanghal sa kapistahan gayundin ang mga bisita at turistang tumutunghay na sa kapistahan. Bukod dito, mas mapayayaman pa ang mga ganitong uri ng pag-aaral kung mararanasan mismo ng mga mananaliksik ang pagdiriwang ng kapistahan upang makakalap ng mga pangunahin (primary data) datos.

4. PAGKILALA AT PASASALAMAT

Nais kilalanin at pasalamat ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na taong naging bahagi ng pag-aaral na ito:

G. Jeyson Taeza, ang nagsilbing gabay at tagapayo ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito na walang sawang nagbigay ng mga mungkahi para sa pagpapabuti ng papel;

G. Janeson Miranda, ang nagsilbing tagapagturo para sa kursong Practical Research 3 at Practical Research 4 sa mga ginanap na mga sesyong naging batayan upang lalong palawigin ang pananaliksik na ito;

Ang lahat ng kaklase at kaibigan ng mga mananaliksik, sa walang sawang suporta na ipinamalas nila ay lubos na nakatulong sa

pagpapalakas ng loob at kumpiyansang matagumpay na matatapos ang papel na ito:

Sa kanilang mga magulang ng mga mananaliksik, ang isa sa mga rason upang sila ay makapag-aral, makapagsaliksik, at makapagtapos ng pag-aaral.

5. Sanggunian

- Amtalao, J., & Lartec, J. (2015). Ang wika ng Sillag festival bilang daluyan ng kultura at identidad ng mga Pilipino. *Malay* 27.2.
- Apostolakis, V., & Viskadouraki, I. (2017). Analysis of the economic impact of cultural festivals in the local economy. *Cultural Management: Science and Education*, 1(2), 47-64. <https://doi.org/10.18502/kss.v3i6.2407>
- Bandala, I. (2018). Pistang Pamana, Pistang Naaayon: A socio-cultural and environmental sustainability framework for town fiestas. *KnE Social Sciences*. <https://doi.org/10.18502/kss.v3i6.2407>
- Theodori, G., & Luloff, A. (1998). Land use and community attachment. 7th International Symposium on Society and Resource Management, University of Missouri.
- Tyrell, T., et al. (2013). A quantified triple bottom line for tourism: Experimental results. *Journal of Travel Research*, 52(3), 279-293. <https://doi.org/10.1177/0047287512465963>.
- Quinn, B. (2006). Problematising 'Festival Tourism': Arts Festivals and Sustainable Development in Ireland. Retrieved January 28, 2021, from <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/09669580608669060>
- Quinn, B. & Wilks, L. (2013). Festival connections: people, place and social capital. *Exploring the Social Impacts of Events*, 15 – 30. <https://doi.org/10.13140/2.1.2269.7281>
- Wee, H. (2015). Potential factors that influence event sustainability: A case of special event. *International Journal of Arts and Commerce*, 4, 1-10.



Kamalayan, Pag-aangkop, at Pagpapatuloy: Pagbalangkas sa Diwa at Danas ng mga Comedy Bar Performers sa Panahon ng Pandemya Gamit ang Konsepto ng “Loob” ni Fr. Albert Alejo

Beatriz Eloisa C. Colar, Frances Mari F. Constantino, and Justine Anne Y. Rosete
De La Salle University Integrated School, Biñan City, Laguna

Jeyson T. Taeza, Research Adviser
De La Salle University Integrated School, Biñan City, Laguna

Abstrak: Ang pandemyang COVID-19 ay maituturing na pinakamalubhang pangkalusugang krisis na kinahaharap ng Pilipinas. Maraming sektor ng lipunan ang naapektuhan tulad ng edukasyon, transportasyon, at ekonomiya, lalo na ang industriya ng entertainment. Sa industriyang ito, isa sa mga pinakanaapektuhan ang mga comedy bar performers dahil sa pansamantala o permanenteng pagsasara ng mga comedy bars na pangunahing pinagkukunan nila ng kabuhayan. Layunin ng pag-aaral na balangkasin ang diwa at karanasan ng mga comedy bar performers sa panahon ng pandemya gamit ang “Konsepto ng Loob” ni Fr. Albert Alejo. Sinuri sa pag-aaral ang kamalayan ng mga comedy bar performers sa panahon ng pandemya (Abot-Malay), ang kanilang mga pag-aangkop sa kasagsagan ng pandemya (Abot-Dama), at ang mga paraan ng pagpapatuloy ng mga comedy bar performers sa panahon ng pandemya (Abot-Kaya). Kinalap ang mga datos sa pamamagitan ng dalawang serye ng katutubong pamamaraan na Pakikipagkuwentuhan sa mga comedy bar performers. Ang mga nakalap na datos ay sumailalim sa proseso ng transkripsiyon at coding. Sinuri at isinatema ang mga nakalap na datos batay sa iba’t ibang aspekto ng “Konsepto ng Loob.” Batay sa pag-aaral, malay ang mga kalahok sa kalagayan ng kanilang kapaligiran. Ang kamalayang ito ang pangunahing dahilan ng kanilang reaksyon at pagtugon sa pandemya. Samakatuwid, ang pag-aangkop sa panahon ng pandemya ay hindi lamang nakatuon sa pansariling kagustuhan ng isang indibidwal na ito ay mapagtagumpayan. Ito ay isang multi-sektoral na pagsulong na kinabibilangang ng sistematikong paglalalatag at pagpapatupad ng mga plano at polisiya.

Mga Susing Salita: pandemya; comedy bar performers; Abot-Malay; Abot-Dama; Abot-Kaya

1. PANIMULA

Ang pandemyang COVID-19 ay maituturing na pinakamalubhang krisis pangkalusugan na kinakaharap ng daigdig mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Chakraborty at Maity, 2020). Kinilala ng World Health Organization (WHO) noong Enero 30, 2020 ang COVID-19 bilang isang *health emergency crisis* at kalaunan ay idineklara na isang pandemya dahil sa patuloy na pagkalat nito sa iba’t ibang panig ng mundo (Dubey et al., 2020). Ayon sa tala ng WHO noong Enero 23, 2021, umabot na sa 96,877,399 ang bilang ng kumpirmadong kaso at 2,098,879 naman ang bilang ng mga nasawi dahil sa sakit.

Sa Pilipinas, noong Marso 7, 2020, naitala ng Department of Health (DOH) ang unang lokal na transmisyon sa bansa. Noong Marso 8, 2020 naman ay nagdeklara ng *state of national emergency* (Vallejo Jr at Ong, 2020) dahil sa patuloy na pag-akyat ng mga

kasong idineklara na ang National Capital Region (NCR) ay sasailalim sa *quarantine* at kalaunan ay ipinatupad na rin ito sa buong Luzon.

Malaki ang naging epekto ng pandemya sa iba’t ibang sektor ng Pilipinas tulad ng edukasyon, transportasyon, at ekonomiya. Maraming mga Pilipino ang nawalan ng trabaho dahil sa mga restriksiyong ipinatupad. Ayon sa tala ng Philippine Statistics Authority noong Enero 2021, apat na milyong Pilipino ang walang trabaho (de Vera at Canivel, 2021). Dahil hindi makapagtrabaho, marami ang nakadepende sa suportang ibinibigay ng pamahalaan. (Purugganan, 2020).

Isa ang *entertainment industry* sa nakaranas ng matinding epekto mula sa pandemya (Senate of the Philippines, 2020). Ayon sa ulat ng Philippine Statistics Authority noong Abril 2020, ang mga trabaho mula sa *arts, entertainment, at recreation* ay ang pinakamataas na *sub-sektor* na nawalan ng



hanapbuhay na umabot ng 54% (de Vera, 2020). Ayon sa pahayag ng Film Development Council of the Philippines (FDPC) Chairperson at CEO Lisa Dino-Seguerra, ang mga manggagawa sa ilalim ng industriya na ito ay hindi nakatanggap ng anomang *cash aid* mula sa pamahalaan (Senate of the Philippines, 2020). Sila ay ikinunsiderang bahagi ng impormal na sektor dahil hindi sila kabilang sa “*most vulnerable*”. Kabilang ang *arts, dance, music, theater*, at *comedy industry* sa mga naapektuhan sa ilalim ng industriyang ito.

Sa ilalim ng industriyang ito, lubhang naapektuhan ang *comedy bar industry*. Nagsara ang iba’t ibang comedy bars na dahilan upang mawalan ng trabaho ang maraming comedy bar performers sa bansa. Dahil dito, ang ilan ay bumalik sa kanilang dating mga trabaho o nagbenta online (Cruz, 2020).

Ang pandemyang COVID-19 ay isang kalamidad na bago at hindi nakasanayan ng mga Pilipino. Ang Pilipinas ay lantad sa iba’t ibang kalamidad tulad ng bagyo, lindol, baha, at iba pa. Ayon sa mga pag-aaral, ipinamalas ng mga Pilipino ang iba’t ibang paraan upang umangkop sa kalamidad, ilan dito ang pagtulong sa sarili at pamilya (Lapa, et al., 2016); pagtulong sa kapwa (Badie, 2020); pananampalataya sa Diyos (Gil Cuesta et al., 2018); pagtanggap sa kanilang sitwasyon (Garcia et al., 2016); pagiging maparaan (Cutillas et al., 2015); paggamit ng *humor* (Anga at Diaz, n.d.); at pagkakaroon ng pag-asa na sila ay makakabangon (Bantayan at Cabintoy, 2019).

Ang karanasan ng mga Pilipino sa pangkalusugang krisis ay hindi pa malalim na napag-aaralan at naidodokumento. Batay sa paggalugad ng mga mananaliksik sa mga mapagkakatiwalaang database tulad ng Philippine E-journals, EbscoHOST, at Google Scholar, iilan pa lamang ang mga pag-aaral na pumaksa sa nasabing usapin. Bukod dito, wala pang pag-aaral na naging tiyak na dalumatin ang karanasan ng mga Pilipinong kabilang sa impormal na sektor na hindi nakatanggap ng anomang tulong mula sa pamahalaan tulad ng mga *comedy bar performers*. Mahalagang mailagay at mapag-usapan sa ganitong uri ng diskurso ang karanasan ng mga *comedy bar performers* upang maibahagi ang kanilang mga kuwentong-buhay sa panahon ng pandemya. Ang pag-aaral na ito magsisilbing instrumento upang mailarawan ang tunay na kalagayan ng mga nasa *entertainment industry* partikular ang mga *comedy bar performers* na lubha ring naapektuhan ng pandemya.

1.1 Konseptwal na Balangkas

Upang balangkasin ang diwa at danas ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya, ginamit ng pag-aaral na ito ang Konsepto ng “Loob” ni Fr. Albert Alejo. Ayon kay Alejo (2018), ang pag-

unawa ng tao ay di lang pagmamasid sa kanyang paligid kundi pag-unawa rin ng kanyang “Loob”. Ang Loob ng Pilipino ay masalimuot at dinamiko na nagsisimula sa sarili patungo sa pakikipag-ugnay at pagkakasangkot sa panlabas. Sa pagbubuo ng Loob, ang tao ay hindi lang pagmumulat sa sariling kamalayan at pakiramdam, kundi pagsasaayos din ng malay at dama sa paraang tugma sa pagkakaunawa sa kanyang paligid at sa mga pangyayari. Ang “Loob” ay binubuo ng tatlong aspekto: Abot-Malay na tumutukoy sa kaalaman sa kalagayan, sanhi ng problema, at lagay ng pamayanan; Abot-Dama na tumutukoy sa pakiramdam, kasama rin dito ang damdamin, ugali, at kakayahan sa sitwasyong nararanasan; at Abot-Kaya na tumutukoy sa pagbubuo ng Loob, partikular ang desisyon at aksyon ng tao bilang tugon sa mga suliranin at udyok ng kalooban.

Ang Konsepto ng “Loob” ay nagamit lamang sa karanasan ng mga Pilipino sa baha at bagyo, ngunit hindi pa ito nagagamit sa pag-aangkop ng mga Pilipino sa panahon ng krisis pangkalusugan (Ardales, 2015). Binalangkas ng pag-aaral na ito ang Abot-Malay na sumasaklaw sa kaalaman at kamalayan ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya, ang Abot-Dama na tungkol sa mga damdaming nararanasan ng mga *comedy bar performers* sa mga hamon at pagsubok na dala ng pandemya, at Abot-Kaya na hinggil naman sa ginagawang reaksiyon at pagtugon ng mga *comedy bar performers* upang matugunan ang mga epekto ng pandemya.

1.2 Layunin ng Pag-aaral

Sa panahon ng pandemya, maraming sektor sa Pilipinas ang malubhang naapektuhan dulot ng mga hamon na dala nito. Isa na rito ang *entertainment industry*, partikular ang mga *comedy bar performers* dahil sa pansamantala o patuloy na pagsasara ng mga *comedy bars* na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan. Layunin ng pananaliksik na ito na pag-aralan ang diwa at danas ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya gamit ang Konsepto ng “Loob” ni Fr. Albert Alejo. Tiyak na layunin ng pag-aaral na ito na:

1. suriin ang kamalayan (Abot-Malay) ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya;
2. mailarawan ang kanilang mga pang-aangkop (Abot-Dama) sa kasagsagan ng pandemya at,
3. isalaysay ang pagpapatuloy (Abot-Kaya) ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya.

2. METODOLOHIYA



Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay gumamit ng penomenolohikal na lapit sa pananaliksik upang dalumin ang kuwentong-buhay at karanasan ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya. Bukod dito, ang mga datos ay kinalap sa pamamagitan ng katutubong pamamaraan na pakikipagkuwentuhan (*informal conversation*). Ang ganitong paraan ng pagkalap ng mga datos ay angkop sa pag-aaral upang malayang maikuwento ng mga kasangkot sa pag-aaral ang kanilang karanasan.

Labing-isa (11) ang kabuuang bilang ng mga *comedy bar performers* na boluntaryong naging kasangkot sa pag-aaral na ito. Ang mga kasangkot sa pag-aaral ay pinili sa pamamagitan ng *chain-referral sampling* at tiniyak na taglay nila ang mga sumusunod na katangian: may gulang 18 pataas, pangunahing kabuhayan ang pagiging isang *comedy bar performers*, at nawalan o nagsara ang pinapasukang bar dahil sa pandemya.

Bagamat pakikipagkuwentuhan ang ginamit na paraan ng pagkalap ng datos, naghanda ang mga mananaliksik ng mga gabay na katanungang sumailalim sa *content validity* upang matiyak na makakalap ang mga kinakailangang datos sa pag-aaral. Ibinatay sa Konsepto ng “Loob” ni Fr. Albert Alejo: ang Abot-Malay, Abot-Dama, at Abot-Kaya ang pakikipagkuwentuhan. Ang unang serye ng pakikipagkuwentuhan ay nakatuon sa oryentasyon at pagbuo ng magandang ugnayan sa pagitan ng mga kasangkot sa pag-aaral at mananaliksik upang mas malayang maikuwento ng mga kalahok ang kanilang mga karanasan. Sa unang serye rin naganap ang unang bahagi ng pakikipagkuwentuhan. Samantala, ang ikalawang serye naman ay nakapokus sa balidasyon ng kawastuhan ng mga nakalap na datos lalo na’t ang pakikipagkuwentuhan ay naganap sa pamamagitan ng *video conference*.

Sa pahintulot ng mga kasangkot sa pag-aaral, ang kabuuan ng pakikipagkuwentuhan ay inirekord at sumailalim sa proseso ng transkripsiyon at coding. Ang mga naprosesong kasagutan ay binalangkas at sinuri gamit ang mga aspekto ng Konsepto ng “Loob”: Abot-Malay, Abot-Dama, at Abot-Kaya.

3. RESULTA AT PAGTALAKAY

Binalangkas at tinalakay sa bahaging ito ang karanasan ng mga *comedy bar performers* sa gitna ng pandemya gamit ang iba’t ibang aspekto ng Konsepto ng “Loob”. Nahati ang pagtalakay sa tatlo: Abot-Malay, Abot-Dama, at Abot-Kaya.

3.1. Abot-Malay

Ipinapakita ng mga datos na nakalap ang kamalayan ng mga *comedy bar performers* sa kasagsagan ng pandemya. Ayon sa pag-aaral nina Cutillas et al. (2015), mahalaga ang pagkakaroon ng

kaalaman at kamalayan sa epekto ng iba’t ibang kalamidad upang makapaghanda at posibleng mabawasan ang paglala nito. Mahihinuha dito na ang mga kalahok ay mayroong kaalaman sa panahon ng krisis upang malagpasan ang mga pagsubok na dala nito.

Mula kay Ardales (2015), sakop ng Abot-Malay ang kaalaman tungkol sa kalamidad. Dala ng hindi inaasahan ang pagpasok ng pandemya, ang karamihan sa mga kalahok ay hindi nakapaghanda. Dahil pansamantala o permanenteng nagsara ang kanilang mga pinagtatrabahuhan, naapektuhan ang kanilang pinansyal na kapasidad. Hindi makamit ng karamihan ang pang-araw-araw na pangangailangan at hindi rin sila nakakuha ng sapat na tulog mula sa gobyerno. Mayroon ding epekto ang pandemya sa kanilang komunidad. Kahit mas umayos na ang kalagayan ng lugar para sa ilan, mayroon pa ring mga protokol. Bilang karagdagan, naapektuhan ang *mental health* ng kanilang mga kasamahan sa *comedy bar*. Problema rin nila ang kakulangan sa pera. Isang pagsubok ang pandemya sa *comedy industry*. Bagaman may ilang *comedy bars* na ang nagbukas, hindi pa rin ito *fully operational*. Naging sorpresa sa mga kalahok ang panahon na itinagal ng pandemya. Makikita dito na mayroong kakulangan sa kaalaman ang mga kalahok tungkol sa paghahanda, ngunit naging malay sila sa mga nangyayari sa kanilang paligid sa kasagsagan nito. Alam nila ang sitwasyon ng kanilang komunidad at ang hirap na nararanasan ng *comedy industry* at kapwa *performers*. Marami ang gumamit ng teknolohiya upang malaman ang mga ito. Kahit malubha ang kanilang naging sitwasyon, tingin pa rin nila na babalik sa dati ang daloy ng *comedy bar performing*.

3.2. Abot-Dama

Nagdulot ng iba’t ibang damdamin at reaksyon ang pandemya mula sa mga kalahok. Ayon sa mga nakalap na datos, positibo at negatibo ang mga ito. Kahit na sila ay nakakaranas ng mga matinding balakid, kinakaya nilang malagpasan ang mga ito at patuloy pa ring nagsusumikap upang makabangon.

Mula sa pag-aaral ni Ardales (2015), ang Abot-Dama ay tumutukoy sa pakiramdam ng tao sa naganap na kalamidad at sa personal na ugali o katangian na ipinamalas sa kahirapang dulot ng kalamidad. Nakaramdam ng kalungkutan at pagkabalisa ang mga kalahok noong nagsara ang mga *comedy bar* na kanilang pinagtatrabahuhan. Sila ay nabigla sa mga naging epekto ng pandemya sa kanilang mga buhay. Sa kasalukuyan, dahil sa mga pagbabagong kanilang nararanasan, kapansin-pansin na sila ay nahihirapan. Sa kabila nito, nananatili pa rin silang positibo at determinadong iahon ang kanilang sarili mula sa mga paghihirap na kanilang nararanasan dulot ng pandemya. Dahil mayroong



ilang *comedy bar* ang unti-unting nang nagbubukas, umaasa sila na babalik sa dati ang daloy ng *comedy bar performing*. Sila ay handang bumalik sa pagiging isang *comedy bar performer* kapag nabigyan sila ng pagkakataon. Mayroon pa rin silang hilig na magpasaya ng mga tao at magtanghal sa entablado. Dahil sila ay *comedy bar performers*, pagiging masayahin ang katangiang nadala nila at nakatulong upang harapin ang mga pagsubok ng pandemya. Namamalagi ang pagiging positibo sa kasagsagan ng krisis na ito, napapatawa at napapangiti nila ang mga tao sa kanilang paligid. Gaya ng nabanggit sa pag-aaral ni Yapan (2019), kayang harapin ng mga tao ang sakuna sa tulong ng kanilang emosyon. Mahihinuha na ang kanilang nararamdaman at ugaling ipinamalas ay konektado sa kanilang sitwasyon at paligid pati na rin ang angking pagkilos upang maitawid ang pang araw-araw na pangangailangan. Dulot din nito ang kanilang sitwasyon at kamalayan sa nangyayari sa paligid habang ang kanilang angking pagkilos ay epekto ng kanilang nararamdaman at ugaling ipinamalas.

3.3. Abot-Kaya

Ayon sa datos, ang mga kalahok ay may iba't ibang paraan upang umangkop sa mga pagsubok na kanilang nararanasan. Tinanggap nila ang mga naging pagkakaiba ng kanilang buhay noon sa ngayon at patuloy na hinaharap ang mga hamon na dala ng pandemya.

Ang Abot-Kaya ay ang reaksiyon na tumutugon sa panganib at angking pagkilos at desisyon upang pansamantalang makaraos sa panahon ng kalamidad (Ardales, 2015). Ayon kay Alejo (2018), ito ay ang pagtugon sa Abot-Malay at Abot-Dama. Ang pandemya ay hindi inaasahan ng nakararami. Ang mga sakuna ay may iba't ibang konteksto, gayunpaman ang alaala ng lipunan mula sa mga nakaraang sakuna ay maaaring hindi magamit sa pagtugon sa nararanasan. Kaya, anomang epekto ng sakuna ay kinakailangan gamitan ng *resiliency* (Candelaria, 2016). Dahil nagsara ang kanilang pinagtatrabahuhan, kinailangan nilang maghanap ng ibang paraan upang kumita para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Hindi man hilig ng iba ang hanapbuhay na kanilang pinasukan, pursigido pa rin silang ipagpatuloy ito. Nagdala ng stress ang epekto ng pandemya sa mga kalahok. Dahil dito, mayroon silang iba't ibang paraan na produkto ng kanilang pagkamalikhain upang gumaan ang kanilang nararamdaman. Bilang karagdagan, malay sila sa mga negatibong nangyari sa kanilang paligid. Kahit na nagdulot ito ng kalungkutan, hinaharap nila ito at patuloy na nangangarap. Ipinapakita rito na sinusubukan nilang umayon sa naging sitwasyon upang malagpasan ang mga paghihirap na kanilang nararanasan.

3.4. Paglalagom

Binalangkas ng pag-aaral na ito ang diwa at danas ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya gamit ang Konsepto ng “Loob” ni Fr. Albert Alejo.

Ipinakita ng pag-aaral ang pagiging malay ng mga *comedy bar performer* sa mga nangyayari sa kanilang paligid. Ang kanilang kamalayan ay tumatawid mula sa panloob na kamalayan tungo sa panlabas na kamalayang pumapaksa sa politikal at kasalukuyang kalagayan ng kanilang pamayanan. Malaki ang ginampanan ng kamalayang ito sa kanilang aksyong ginagawa upang pansamantalang makaraos sa panahon ng kalamidad batay sa kanilang pansariling mga pagpapahalaga at paniniwala upang tugunan ang mga pinsalang dulot ng pandemya. Ipinakita sa pag-aaral na bukod sa pansariling pagpapahalaga at paniniwala, malaki rin ang papel ng mga panlabas na aspekto tulad ng pamilya, lipunan, at pamahalaan upang matagumpay na makaangkop sa mga hamong ito.

Gamit ang mga awtentikong datos, kinumpirma ng pag-aaral na ito ang tunay na kalagayan ng isang bulnerableng sektor na hindi nabibigyan ng pansin. Bagamat ipinamalas ng mga *comedy bar performers* ang iba't ibang malilikhaing pamamaraan upang maibsan ang dagok na dala ng pandemya, hindi maitatangi ang agarang pagtugon ng kinauukulan sa kanilang mga pangangailangan. Ang pag-aangkop sa pandemya ay hindi lamang nakabatay sa kagustuhan ng isang indibidwal na ito ay mapagtagumpayan bagkus ito ay isang multi-sektoral na pagsulong na kinabibilangan ng sistematikong paglalalatag at pagpapatupad ng mga plano at polisiyang titiyak sa magandang kalagayan ng mga tao. Ang pandemya ay isang isyung dapat mas bigyang-pansin dahil isa itong suliranin na patuloy na nakakaapekto hindi lamang sa mga *comedy bar performers*, ngunit pati na rin sa pangkalahatang pamumuhay ng mga Pilipino.

Iminumungkahi ng papel na ito ang mas malalim pang pag-aaral ukol sa kalagayan ng ibang bulnerableng sektor na patuloy na naaapektuhan ng pandemya. Mainam na magkaroon ng isang longitudinal na pag-aaral upang higit pang mabuo ang pagbalangkas sa karanasan ng mga *comedy bar performers* sa panahon ng pandemya. Mainam ding pag-aralan kung paano nabago ng pandemya ang estilo at naratibo ng mga *comedy bar performers* sa kanilang mga pagtatanghal.

4. PAGKILALA AT PASASALAMAT

Nais ng mga mananaliksik na ipaabot ang kanilang pasasalamat sa mga kalahok ng pag-aaral sa paglalaan ng oras. Sa kabila ng hirap na kinakaharap sa gitna ng pandemya, hindi ito naging hadlang at



patuloy silang nagpakita ng interes sa pagbabahagi ng kanilang kuwento. Namulat ang mga miyembro sa kanilang mga ibinahaging karanasan at magsisilbing inspirasyon upang maibahagi ang kanilang karanasan sa mga ganitong uri ng diskurso.

Taos-puso rin silang nagpapasalamat sa mga guro, lalo na sa kanilang tagapayo na si G. Jeyson Taeza, na patuloy na gumabay sa pagsusulat ng pananaliksik. Mainit na nagpapasalamat din ang nais ipaabot ng mga mananaliksik sa kanilang mga magulang para sa pagpopondo at pagbibigay ng suporta sa pananaliksik. Dahil sa inyong mga suporta, naisakatuparan nila ang isang makabuluhang pag-aaral. Maituturing na isang mabungang paglalakbay ang pagbuo nito. Kahit maraming pagsubok ang napagdaanan ng bawat isa sa proseso, marami silang aral at pagpapahalaga na natutuhan dito. Napabuti ang kanilang kahusayan sa komunikasyon at nahasa ang kanilang pagsusulat sa Filipino.

5. SANGGUNIAN

- Alejo, A. E., S.J. (2018). "Loob Ng Tao." *Social Transformations: Journal of the Global South*, 6(1), 25-53.
https://www.researchgate.net/publication/325494603_L_oob_ng_Tao
- Anga, M. C. C., & Diaz, L. B. L. (n.d.). Perception, Resiliency and Coping Strategies of Filipinos. Bulacan State University. Research, Extension & Training. 1-9 <https://bulsu.edu.ph/research/university-research-office/research-publications/2/perception-resiliency-and-coping-strategies-of-filipinos-amidst-disasters>.
- Ardales, A. J. (2015). "K-U-L-T-U-R-A: Ang Karanasan Nina Nanay Marina at Gemma Tungkol Sa Problema Ng Pagbaha Sa Brgy. Aplaya, Sta. Rosa, Laguna / K-U-L-T-U-R-A: The Experience of Nanay Marina and Gemma on the Flooding Problem in Brgy. Aplaya, Sta. Rosa, Laguna." *MALAY*, 27(20), 102-117.
<https://ejournals.ph/article.php?id=8079>
- Badie, J. Y. (2020). TÁBANG SA PANAHON NG PANDEMYA: SALAYSAY NG TATLONG TRINITARIAN. *Dalumat E-Journal*, 6(2), 1-9.
<https://ejournals.ph/article.php?id=16038>
- Bantayan, R. P., & Cabintoy, L. C. (2019). SURVIVING LIFE AFTER TYPHOON PABLO: STRUGGLES OF SCHOOL MANAGERS. *Southeast Asian Journal of Educational Management*, 1(1).
<https://ejournals.ph/article.php?id=14465>.
- Candelaria, J. L. (2016). Pagkakakilanlan, Pagdurusa, at Pagbangon: Bagyong Reming (2006) sa Alaala ng Anislag Resettlement Community. *Saliksik E-Journal* 5(1).
https://www.researchgate.net/publication/335260930_Pagkakakilanlan_Pagdurusa_at_Pagbangon_Bagyong_Reming_2006_sa_Alaala_ng_Anislag_Resettlement_Community
- Chakraborty, I., & Maity, P. (2020). COVID-19 outbreak: Migration, effects on society, global environment and prevention. *Science of The Total Environment*, 728, 138882. <https://doi.org/10.1016/j.scitotenv.2020.138882>
- Cruz, M. (2020, September 14). How Wacky Kiray adapts to limited opportunities during pandemic. <https://www.pressreader.com/philippines/philippine-daily-inquirer-1109/20200914/282243783009783>
- Cutillas, A. L., Alburo, R. P., Alburo, H. M., & Pascual, P. R.L. (2015). COPING STRATEGIES OF COMMUNITIES AFFECTED BY THE BOHOL EARTHQUAKE. *Tropical Technology Journal*, 18(2), 1-11.
https://www.researchgate.net/publication/343880631_COPING_STRATEGIES_OF_COMMUNITIES_AFFECTED_BY_THE_BOHOL_EARTHQUAKE
- Department of Health. (n.d.). "COVID-19 Tracker." Department of Health, www.doh.gov.ph/covid19tracker
- de Vera, B. O. (2020). Amid ECQ, 'record-high' unemployment rate of 17.7% posted in April. *INQUIRER.Net*.
<https://business.inquirer.net/299124/amid-ecq-record-high-unemployment-rate-of-17-7-posted-in-april>
- de Vera, B. O. & Canivel, R. S. (2021). 4 million Filipinos jobless in January 2021. <https://newsinfo.inquirer.net/1405074/4m-pinoys-jobless-in-january#:~:text=Dennis%20Mapa%2C%20the%20national%20statistician,the%20same%20month%20in%202020>
- Dubey, S., Biswas, P., Ghosh, R., Chatterjee, S., Dubey, M. J., Chatterjee, S., Lahiri, D., & Lavie, C. J. (2020). Psychosocial impact of COVID-19. *Diabetes & Metabolic Syndrome: Clinical Research & Reviews*, 14(5), 779-788. <https://doi.org/10.1016/j.dsx.2020.05.035>
- Garcia, L., Lapa, M. M. I., & Palompon, D. (2016). Surviving Typhoon Yolanda (Haijan): Experiences of Older Adults in a Rural Area in the Philippines. *International Journal of Sciences*, 5(11), 1-6.
https://www.researchgate.net/publication/321965863_Surviving_Typhoon_Yolanda_Haijan_Experiences_of_Older_Adults_in_a_Rural_Area_in_the_Philippines
- Gil Cuesta, J., van Loenhout, J. A. F., de Lara-Banquesio, M. L., Isiderio, J. M., Aujoulat, I., & Guha-Sapir, D. (2018). The Impact of Typhoon Haiyan on Health Staff: A Qualitative Study in Two Hospitals in Eastern Visayas, The Philippines. *Frontiers in Public Health*, 6. <https://doi.org/10.3389/fpubh.2018.00208>
- Lapa, M. M. I. M., Palompon, D. R., & Garcia, L. L. (2016). Experiences with Typhoon Yolanda: The voices of young survivors revealed. *Journal of Nursing Education and Practice*, 6(12), 136-141.
<https://doi.org/10.5430/jnep.v6n12p136>
- Senate of the Philippines. (2020). Press Release - FDCP Chair thanks Sen. Revilla for championing plight of entertainment industry during COVID-19 pandemic. http://legacy.senate.gov.ph/press_release/2020/0529_revilla1.asp
- Purugganan, J. (2020). Philippines: Informal Workers face brunt of COVID-19 Lockdown. <https://focusweb.org/philippines-informal-workers-face-brunt-of-covid-19-lockdown/>
- Vallejo, B. M., & Ong, R. A. C. (2020). Policy responses and government science advice for the COVID 19 pandemic in the Philippines: January to April 2020. *Progress in Disaster Science*, 7, 1-7.
<https://doi.org/10.1016/j.pdisas.2020.100115>



3RD DLSU SENIOR HIGH SCHOOL RESEARCH CONGRESS

2020-2021

MEDIA AND PHILIPPINE STUDIES

- World Health Organization. (n.d.). WHO Coronavirus Disease (COVID-19) Dashboard.
<https://covid19.who.int/>
- Yapan, A. (2019). Desakralisasyon ng “Sakuna” Bilang Disaster sa Karanasang Filipino (Desacralization of “Sakuna” as Disaster in the Filipino Experience). *Katipunan*, 4, 89-129.
https://www.researchgate.net/publication/350035960_Desakralisasyon_ng_Sakuna_Bilang_Disaster_sa_Karanasang_Filipino_Desacralization_of_Sakuna_as_Disaster_in_the_Filipino_Experience



Mga Proseso at Naratibo: Isang Preliminaryong Pagtatala sa Magnetic Folk Healing Bilang Katutubong Pamamaraan ng Pagpapagaling sa Barangay Kinabuhayan at Sta. Lucia, Dolores, Quezon

Maria Elnora A. Abante and Kyla Therese G. Quebrar
De La Salle University Integrated School, Biñan City, Laguna

Jeyson T. Taeza, *Research Adviser*
De La Salle University Integrated School, Biñan City, Laguna

Abstrak: Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling na may kaugnayan sa kultura, paniniwala, at tradisyon ng mga Pilipino. Sa kasalukuyan, marami pa ring mga katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa bansa ang hindi naitatala, partikular ang ilang mga lugar na malapit sa Bundok Banahaw. Layunin ng pag-aaral na ito na magsagawa ng isang preliminaryong pagtatala sa magnetic folk healing bilang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa Barangay Kinabuhayan at Sta. Lucia, Dolores, Quezon. Ang case study na ito ay nakapokus kay Ate Mel, isang magnetic folk healer. Kinalap ang mga datos sa katutubong pamamaraan ng pakikipagkwentuhan at nakikiugaling pagmamasiid. Sinuri ang mga datos batay sa paraan ng pagtamo ng magnetic folk healing, proseso ng pagpapagaling, at mga naratibong may kaugnayan sa mga paniniwala sa Bundok Banahaw. Ang paraan ng pagtamo ng magnetic folk healing ay nakaangkla sa kapangyarihan na nakapaloob sa Bundok Banahaw sa Dolores, Quezon. Ang kakayahan ng magnetic folk healer ay ipinagkakaloob sa mga taong may pananampalataya at paggalang sa kapangyarihang taglay ng Bundok Banahaw. Inilatag din ng pag-aaral na ito ang mga proseso ng pagriritwal at materyales na ginamit sa magnetic folk healing tulad ng langis. Siniyasat din ng pag-aaral na ito ang mga naratibong mula sa kasangkot ng pag-aaral na may kaugnayan sa mga paniniwala sa mga nilalang na nasa ikatlong uri, tulad ng engkanto, duwende, at mga espiritu. Sa pangkalahatan, sa kabila ng pag-usbong ng modernong medisina, nananatiling may mga Pilipinong sumasangguni sa mga katutubong pamamaraan ng pagpapagaling tulad ng magnetic folk healing.

Key Words: magnetic folk healing; proseso; ritwal; katutubo; Bundok Banahaw

1. PANIMULA

Bago pa man dumating ang mga dayuhan sa Pilipinas, taglay na ng mga sinaunang Pilipino ang napakayamang kultura. Kabilang sa yamang taglay ng sinaunang Pilipinas ay ang mga iba't ibang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling. Itinuturing na mahalagang salik ang katutubong kaalaman, kultura, at tradisyunal na gawain sa pagpapaunlad ng katutubong pamamaraan ng pagpapagaling. Samakatuwid, ang mga ito ay makabuluhan sa sistema ng pangangalaga ng kalusugan sa mga lokal na komunidad (F. L. Jocano, 1966; Mc Laughlin & Braun, 1998).

Iba't ibang uri ng katutubong pamamaraan ng pagpapagaling ang patuloy na umiiral sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang ilang halimbawa ay ang Dawaks ng mga Kalingas (Martin et al., 2012), ang mga pang gawi ng pangkat etnikong Pala'wan

(Villapa, 2017), ang Sahuma mula sa Zamboanga City (Esperat et al., 2020), at ang mga mananambal ng Cebu (Berdon, 2016). Bukod dito, ayon kay Gaabucayan (1971), laganap din ang mga manggagamot tulad ng albularyo, herbolario, manghihilot, mananambang, mananawal, at mambabarang.

Sa kabila ng patuloy na pag-iral ng mga katutubong pamamaraan na nakaangkla sa kultura at paniniwala ng mga Pilipino, isa sa mga maituturing na hamon sa mga ganitong uri ng pagpapagaling ay ang mabilis na pag-usbong ng modernong medisina at teknolohiya. Ang hamong ito ay nagdadala ng unti-unting pagbabago sa kulturang etniko ng mga pamayanan na maaaring nagreresulta sa pagkawala nito, o ang tinatawag na ethnocide (Martin et al., 2012). Mahalagang magkaroon pa rin ng kamalayan ukol sa mga katutubong pamamaraan na hindi pa naidodokumento sapagkat ang mga ito ay



repleksyon ng kultura, paniniwala, at tradisyon ng mga Pilipino. Ang mga pag-aaral at pagdodokumento sa ganitong uri ng mga pagpapagaling ay isang mabisang paraan upang mapanatili ang mga ito sa kabila ng modernisasyon.

Isa sa mga mayayamang lugar sa Pilipinas, kung tungkol sa mga katutubong pagpapagaling ang pag-uusapan, ay ang Bundok Banahaw at ang mga karatig na lugar na matatagpuan sa paanan nito. Ang Bundok Banahaw ng Dolores, Quezon ay isang bulkan na matatagpuan sa mga hangganan ng mga lalawigang Laguna at Quezon. Ang paligid ng Banahaw ay kombinasyon ng mga higitang sinaunang puno, luntiang halaman, talon, ilog at kweba. Ang lugar na ito ay isang sagisag ng pasyon ng mga Pilipino para sa espiritwalidad at relihiyon, at sa gayon ay itinuturing ito na “Power Mountain”. Dahil dito, nabigyang-pansin kung paano nagsisimula ang mga pagpapagaling sa pamamagitan nang paglilinis ng parehong katawan at kaluluwa. Ang konsepto ng relihiyon sa Bundok Banahaw ay hindi lamang nakaangkla sa paniniwala, kasanayan, at mga ritwal na isinasagawa ng mga Romano Katoliko. Sa halip, iba’t ibang miyembro ng mga pangkat ng relihiyon at kulto ang dumadayo sa Bundok Banahaw, at ito ay ang mga sumusunod: (1) Ang sekta ng mga Rizalista; (2) Samahan ng Tatlong Persona Solo Diyos (STPSD), isang sekta na itinatag ni Agapito Illustre; (3) Suprema of De la Iglesia Mistica Filipina (SDLIM); at (4) Watawat ng Lahi (Abbang et al., 2016). Sa kabila ng napakaraming mga pag-aaral na naisagawa tungkol sa iba’t ibang paniniwalang nakalukob sa Bundok Banahaw, nananatiling may iba’t ibang paraan ng pagpapagaling sa bundok at mga karatig na lugar ang hindi pa naidodokumento. Isa na rito ay ang magnetic folk healing na isinasagawa sa Barangay Kinabuhayan at Sta. Lucia sa bayan ng Dolores, Quezon.

Ang magnetic folk healing ay isang katutubong pamamaraan na may kakayahang pagalingin ang iba’t ibang uri ng sakit na nararamdaman ng isang pasyente tulad ng pilay, sakit ng ulo, sakit sa tiyan at iba pang mga karamdamang maliban sa mga bukas na sugat. Ang magnetic folk healing ay may iba’t ibang baryasyon depende sa dalubhasa ng manggagamot at kung saang lugar ng katawan ito isinasagawa. Sa kabila ng kaibahan ng mga proseso nito, magkakatulad ang mga ito kung saan hindi idinadampi ang kamay ng magnetic folk healer sa bahagi ng katawan na pinagagaling.

Sa kasalukuyan, wala pang pagtatala o pagdodokumento ang naisasagawa ukol sa magnetic folk healing sa Barangay Sta. Lucia at Kinabuhayan sa Dolores, Quezon. Ang pag-aaral na ito ang magsisilbing kauna-unahang hakbang upang maitala ang nasabing katutubong pamamaraan.

Bilang isang preliminaryong pagtatala, ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa kaso ng isang magnetic folk healer na si Ate Mel. Siya ang kaisa-isang manggagamot na dalubhasa sa magnetic folk healing sa Barangay Kinabuhayan at Sta. Lucia na matatagpuan sa Bundok Banahaw. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan ng mga susunod pang pananaliksik na may layuning higit pang pag-aralan ang mga katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa Bundok Banahaw at mga karatig na lugar. Magdaragdag din ang pananaliksik na ito sa mga naisagawa ng pag-aaral tungkol sa Bundok Banahaw, sapagkat ang magnetic folk healing ay nakaugnay sa iba’t ibang mga paniniwala tungkol sa mahiwagang bundok.

Layunin ng pag-aaral na galugarin ang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling na magnetic folk healing sa Barangay Kinabuhayan, Dolores, Quezon. Nilalayan nito na matugunan ang mga sumusunod na layunin:

- a. maitala ang paraan ng pagtamo ng kasangkot sa pag-aaral sa kakayahang makapag gamot sa pamamagitan ng magnetic folk healing;
- b. mailarawan ang proseso at mga pamamaraan ng magnetic folk healing; at
- c. mailahad ang mga paniniwala ng kasangkot sa pag-aaral.

2. METODOLOHIYA

Ang case study na ito ay may layuning magtakda ng preliminaryong pagtatala sa magnetic folk healing bilang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa Barangay Kinabuhayan at Sta. Lucia, Dolores Quezon. Dahil ito ay isang preliminaryong pagtatala pa lamang, inilarawan ng pag-aaral ang iba’t ibang katangian ng magnetic folk healing katulad ng paraan ng pagtamo, ang proseso ng magnetic folk healing; gayundin ang mga naratibong may kaugnayan sa nasabing katutubong pagpapagaling. Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa kaso ni Ate Mel na isang kilalang magnetic folk healer sa Dolores Quezon.

Ang mga datos sa pag-aaral na ito ay kinalap sa pamamagitan ng pakikipagkuwentuhan sa kasangkot sa pag-aaral. Ang mga tanong at gabay na ginamit sa pakikipagkuwentuhan ay sumailalim sa content validity upang matiyak na wasto at sapat ang mga datos na nakalap. Bukod dito, ginamit sa papel na ito ang nakikiugaling pagmamasid upang maidokumento ang proseso ng magnetic folk healing. Sa pagpapahintulot ni Ate Mel at isa sa kanyang mga pasyente, kinuhanan ng larawan ng mga mananaliksik ang bawat mahalalagang hakbang sa



proseso ng magnetic folk healing.

Ang mga kabuuan ng pakikipagkuwentuhan ay sumailalim sa transkripsyon at coding, at ang naprosesong datos ay sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis kung saan nakabuo ng tatlong tema ang pag-aaral. Una, ang tema ukol sa paraan ng pagtamo ng kakayahan ng magnetic folk healer. Ikalawa, ang proseso ng pagsasagawa ng magnetic folk healing. Ikatlo, ang mga naratibong nagpapahiwatig ng pagkakaugnay ng magnetic folk healing sa mga paniniwala tungkol sa Bundok Banahaw.

3. RESULTS AND DISCUSSION

Preliminaryong idinokumento ng pag-aaral na ito ang magnetic folk healing bilang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa Barangay Sta. Lucia at Kinabuhayan sa Dolores Quezon. Hinati sa tatlong bahagi ang pagtatala: ang paraan ng pagtamo, proseso ng magnetic folk healing, at mga naratibo ng kasangkot sa pag-aaral tungkol sa iba't ibang paniniwalang may kaugnayan sa Bundok Banahaw.

3.1. Paraan ng Pagtamo ni Ate Mel ng Magnetic Folk Healing

3.1.1. Bundok Banahaw Bilang Pinagmulan ng Kakayahan

Ang Bundok Banahaw ang nagsilbing ugat ng kakayahang magpagaling ng aming susing kasangkot na si Ate Mel. Ang kanyang kapangyarihan ay unang ipinahayag sa kanya noong siya ay nasa hayskul; sa pagkakataong ito, nagkaroon siya ng matinding sakit sa ulo at hindi siya nakapasok sa eskwelahan. Ayon kay Mercado (1988), may isang ecstatic na elemento na maaaring pagdaanan ng isang manggagamot at sa pagdanas niya nito ay naaapektuhan siya ng sakit o minsan ay napagkakamalan na baliw.

3.1.2. Ang Nakakita ng Kanyang Kakayahan sa Santos Kalbaryo

Bukod rito, tuwing huling Sabado ng buwan ay nagno-novena si Ate Mel sa Santos Kalbaryo sa Bundok Banahaw. Mayroon siyang nakasalubong na magdadasal na mayroong third-eye at nakitaan siya ng liwanag sa noo at bukal ng tubig sa kamay. Ang mga ito ay sinasabing palatandaan na mayroon siyang panawagan sa bundok. Subalit walang eksaktong interpretasyon ang liwanag sa noo at bukal ng tubig sa mga kamay na nakita ng magdadasal sa kanya; ngunit ito pa rin ay mayroong matinding ugnayan sa kanyang pagtamo upang matuklasan niya ang kanyang kakayahan.

3.1.3. Mga Panaginip mula sa Bundok Banahaw

Karagdagan dito, noong nag-ibang bansa si Ate Mel, napaginipan niya na tinatawag siya ng Bundok Banahaw at hinihikayat siya na bumalik muli sa Pilipinas. Ang isang holy voice ay napaginipan naman ng banyagang si Fred Pankrast na pumunta sa Pilipinas at tumuloy sa tahanan ng pamilya ni Ate Mel. Isa si Fred sa nakakita ng kanyang kakayahan at nagpayo na ikuskos ang kanyang mga palad upang uminit ito.

Ayon kay Gorospe (1992), mayroong tinataguriang “Santong Boses” ang Bundok Banahaw. Nagpakita ito sa sinaunang historikal na mistiko na si Agripino Lontok. Si Lontok ang nagsilbing kauna-unahang tagapangalaga ng bundok. Bilang karagdagan, si Fr. Vicente Marasigan, isang Jesuit na pari, ay nagkaroon din ng karanasang espiritwal sa kanyang panaginip ukol sa mga nagbubulungang espiritu sa Kinabuhayan. Bagaman walang eksaktong ebidensya na nag-uugnay sa apat na karanasan, lahat ng ito ay nagmula sa Bundok Banahaw. Ayon sa makalumang Pilipinong animistikong kultura, ang isang panaginip ay nagaganap sa paunang yugto ng pagbuklod ng isang manggagamot sa kanyang kakayahan (Mercado, 1988).

3.2. Proseso ng Magnetic Folk Healing

Upang maayos na maisagawa ang magnetic folk healing at epektibong gumaling ang pasyente,



Larawan 1. *Paglagay ng Langis*

mayroon itong pitong hakbang na sinusunod:

Una, naglagay ng langis sa kanyang kamay si Ate Mel. Ginawa niya ito upang mabilisang makuskos ang mga palad para uminit ito. Sinabi ni Ate Mel na kahit anong klase ng langis ay maaaring gamitin, ngunit ang pinakaangkop na langis ay galing sa simbahan.



Larawan 2. *Pagtanggal ng Masamang Enerhiya*

Ikalawa, nagtanggal ng masasamang enerhiya si Ate Mel mula sa ulo, likod, dibdib at tiyan ng pasyente. Nabanggit niya na mula sa mga espiritista niya nakuha ang pagtatanggal ng masasamang enerhiya bago pagalingin ang mga pasyente.

Ika-apat, inilapit ni Ate Mel ang kanyang mga kamay sa buong katawan ng pasyente nang hindi lumalapat sa damit o balat ng pasyente. Mayroong tatlo hanggang apat na pulgadang layo mula sa palad ng manggagamot at balat ng pasyente. Nag-umpisa si Ate Mel mula sa ulo, papunta sa likod at nagsimula na siyang dumighay. Ang pagdighay ay indikasyon na nagiging matagumpay ang isinagawang magnetic folk healing. Matapos sa likod, ang sunod ay ang dibdib papunta sa tiyan.



Larawan 5. *Pagtapat ng Kamay*

Ika-lima, noong natukoy ni Ate Mel ang bahagi ng katawan na mayroong sakit, nanatili siya rito hanggang sa matapos ang kanyang pagdighay. Kapag tumigil nang dumighay si Ate Mel, ito ang indikasyon na wala ng sakit sa katawan ng pasyente.



Larawan 3. *Pagkuskos ng Kamay*

Ikatlo, ikinuskos muli ng manggagamot ang mga palad upang uminit ito.



Larawan 6. *Pagmasahe ng Bahaging May Sakit*

Ika-anim, pagkatapos dumighay ni Ate Mel, kanya naman itong hinawakan na at minasahe.



Larawan 4. *Paglapit ng Kamay*



Larawan 7. Pagdighay ng Manggagamot

At ika-pito, dumighay na si Ate Mel upang ang natanggal na sakit ay hindi manatili sa kanya. Mayroong mga pagkakataon na nararamdaman niyang nanghihina siya, ngunit madalas na hindi.

3.3. Mga Paniniwalang may Kaugnayan sa Bundok Banahaw

Talahanayan 1. Mga Naitalang mga Paniniwala na may Ugnayan sa Bundok Banahaw

Malaki ang impluwensiya ng iba't ibang paniniwala ng mga nakatira sa Bundok Banahaw at karatig na lugar tulad ng Dolores, Quezon sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang kakayahan ni Ate Mel na magnetic folk healing ay isang palatandaan ng impluwensiyang ito.

Mga Iba't Ibang Paniniwala ni Ate Mel	Deskripsyon
<i>Pamumunvesto</i>	Sa Bundok Banahaw, ang <i>pamumunvesto</i> ay isang karaniwang pagpapahayag ng pagsamba sa relihiyon sa pamamagitan ng pagbibisita at pagdadarasal sa mga <i>puwesto</i> na <i>tinataguriang</i> mga sagradong lugar (Somera, 1986). Ilan sa mga nabanggit ni Ate Mel ay

	ang mga <i>puwestong</i> Santa Lucia, Twin Falls, Kabani ni San Isidro, Santong Jacob, Presentahan, Ina ng Awa, Hugado, at Santos Kalbaryo.
Mga Pangatlong-uri	Ayon kay Ate Mel, ang kanyang lolo, tatay at asawa, ay nagkaroon ng mga engkwentro sa mga pangatlong-uri tulad ng mga <i>espirta</i> , <i>duwende</i> , at <i>engkanto</i> , dahil sa kanilang ugnayan sa Bundok Banahaw. Sinabi rin niya na mayroong mga samu't saring klasipikasyon ang mga <i>duwende</i> , ngunit ayon sa kanyang asawa — na siyang nag-iisang nakakakita sa kamila — ay inilarawan niya ang mga ito na mayroong mga malalaking tainga at may iba't ibang kulay tulad ng pula, itim, at puti. Ang mga <i>duwende</i> rin ay tumutulong kay Ate Mel sa paghahalaman at mitsan nila rin ang <i>pinagmumulan</i> ng kanyang enerhiya kapag <i>sumasagawa</i> niya ang magnetic folk healing. Ayon kay Demetrio (1969), ang mga ito ay matagal ng <i>pinaniniwalan</i> ng mga Pilipino, bago pa man sakupin ng mga bansagang bansa at ito ay matagal nang buhay simula noong Povedano (Siglo 16) hanggang sa kasalukuyan. Ayon naman kay Arceta (2020), naniniwala ang mga lokal na peregrino na mayroong mga hindi nakikitang nilalang na tinatawag na mga <i>laganid</i> . Sila ay nagbabantay sa ilang mga <i>puwesto</i> sa Bundok Banahaw at maalokan ng panalangin upang makuha ang pabor nila.

<i>Spirit Guide</i>	Nabanggit ni Ate Mel na noong may nangailangan ng tulong niya sa diyip ay mistulang may humaplos sa kanya at sinabihan siyang hawakan ang may sakit. Ito ay maaaring <i>spirit guide</i> niya. Ayon kay Mercado (1988), ang mga manggagamot ay mayroong mga <i>spirit guide</i> na tumutulong sa kamila sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapangyarihan o payo sa kung anong kailangang gawin.
---------------------	--

4. PAGLALAGOM

Ang pag-aaral na ito ay nagsilbing isang preliminaryong pagtatala sa magnetic folk healing bilang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa Barangay Sta. Lucia at Kinabuhayan, Dolores, Quezon.

Ipinakita ng pag-aaral ang isang natatanging paraan ng pagpapagaling ng isang pamayanan. Isa itong palatandaan na may mga sistema ng katutubong pamamaraan ng pagpapagaling sa Pilipinas ang naghihintay na maitala. Natuklasan na sa kabila ng pag-usbong ng moderno at maagham na paraan ng pagpapagaling, nananatiling buhay ang ilang mga katutubong paraan ng pagpapagaling ng mga Pilipino na may kaugnayan sa kanilang kultura at paniniwala. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, tinalakay na ang pangkalahatang proseso ng magnetic folk healing ay nabuo mula sa paniniwala ng manggagamot gayundin ng mga pasyenteng tumatangkilik nito. Bukod sa manggagamot, mahalaga ang gampanin ng pasyente sa pagsasagawa ng katutubong pamamaraan ng pagpapagaling. Ang mga katutubong pamamaraan ay pagsasalubong at pagsasama ng sistema ng paniniwala ng manggagamot at ng kanyang pasyente. Samakatuwid, ang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling ay isang shared at arbitraryong ugnayan sa pagitan ng manggagamot at pasyente.

Iminungkahi ng pag-aaral na ito ang mas malalim pang pag-aaral sa magnetic folk healing partikular sa pagpapalawak ng kasangkot sa pag-aaral. Upang mas maidokumento ang nasabing paraan ng pagpapagaling, kinakailangang palawakin pa ang source o panggagalingan ng datos ng pag-aaral mula sa iba pang magnetic folk healers sa Bundok Banahaw. Mahalaga ring madagdagan ang datos mula sa pananaw ng mga pasyenteng patuloy na tumatangkilik sa magnetic folk healing upang makabuo ng isang komprehensibong paglalarawan sa sistema ng magnetic folk healing.

5. PAGKILALA AT PASASALAMAT

Ang pag-aaral na ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa patnubay ng ilang mga indibidwal na nagpaabot ng kanilang tulong at kaalaman sa paghanda at pagkumpleto ng pag-aaral na ito. Ang aming pasasalamat ay nakatuon sa mga



sumusunod:

Sa aming tagapagpayo na si G. Jeyson T. Taea na nagsilbing pangunahing gabay sa aming mananaliksik. Nagpapasalamat kami sa kanyang pagbahagi ng kaalaman at nakabubuting pagpuna, at para rin sa kanyang walang tigil na pagsuporta at panghihikayat na makumpleto ang pag-aaral na ito. Isang malaking pribilehiyo at karangalan na magsagawa ng pag-aaral sa ilalim ng kanyang patnubay;

Sunod, kay Ate Mel, ang aming susing kasangkot sa pag-aaral na ito. Kung hindi dahil sa kanyang kusang loob na pagbabahagi ng kanyang kaalaman at ng kanyang kakayahan ukol sa magnetic folk healing ay hindi mabubuo ang pag-aaral na ito; Sunod, kay G. Janeson Miranda, ang aming guro sa Practical Research, na nagturo at gumabay sa aming pagsusulat, pati na rin sa kanyang patnubay sa bawat hakbang ng proseso ng aming pag-aaral;

Sa aming mga kaklase at kaibigan na nanatili sa aming tabi sa buong durasyon ng proseso ng pagsasaliksik at nagbigay ng kanilang walang kapantay na suporta, at tumulak sa amin upang tapusin ang pag-aaral na ito;

At higit sa lahat, sa makapangyarihang Diyos at sa aming mga pamilya na nagsilbing inspirasyon at para sa pagbibigay sa amin ng lakas ng loob na magpatuloy sa kabila ng lahat ng hamon na hinarap ng aming pag-aaral.

6. SANGGUNIAN

Abbang, G. A. G., Acuna, P. G. C., Amparo, L., Bernardo, M. H., Blanco, S., Cabrera, N., Caoli, M., Diaz, K. C., Galang, M. A., Hernandez, S. M. F., Mingming, J., Moll, M., Ramos, B., Sandagan, R. D., Sembrano, K. J., Velasquez, A. L. A., & Zabala, K. N. P. (2015). Pamumuwesto at Mount Banahaw. *Academia.edu*. Retrieved January 16, 2021, from https://www.academia.edu/25758163/Pamumuwesto_at_Mount_Banahaw

Arceta, K. B. (2020). Mount Banahaw's Enigma of Power: A Personal Reflection on Signs and Symbols at the Santa Lucia Complex. *International Journal of Religious Tourism and Pilgrimage*, 8(5), 43-55. Arrow Tudublin. Retrieved February 15, 2021, from <https://arrow.tudublin.ie/ijrtp/vol8/iss5/5/>

Berdon, Z. J. S., Inocian, R. B., Lozano, E. B., & Manalag, C. A. (2016). Unveiling Cebuano Traditional Healing Practices. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 4(1), 51-59. ResearchGate. Retrieved January 19, 2020, from www.researchgate.net/publication/299447262_Unveiling_Cebuano_Traditional_Healing_Practices.

Demetrio, F. (1969). The Engkanto Belief: An Essay in Interpretation. *Asian Folklore Studies*, 28(1), 77-90. JSTOR. <https://doi.org/10.2307/1177781>

Esperat, E. L., Gracia, A. A., & Molina, R. A. (2020). TRADITIONAL HEALING PRACTICES IN ZAMBOANGA CITY, PHILIPPINES. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 6(5), 81-97. ResearchGate. 10.36713/epra2013

Gaabucayan, S. (1971). The Medicine Men of Agusan in Mindanao, Philippines. *Asian Folklore Studies*, 30(1), 39-54. JSTOR. <https://doi.org/10.2307/1177763>

Gorospe, V. R. (1992). Mount Banahaw: The Power Mountain From Ritualism to Spirituality. *Philippine Studies*, 40(2), 204-218. JSTOR. Retrieved January 16, 2021, from www.jstor.org/stable/42633309

Jocano, F. L. (1966). Cultural Context of Folk Medicine: Some Philippine Cases. *Philippine Social Review*, 14(1), 40-48. JSTOR. Retrieved February 2, 2021, from <http://www.jstor.org.dlsu.idm.oclc.org/stable/23892728>

Martin, J. G. S., Obal, J. O., & Basitao, C. S. (2012). A Micro-Ethnography of the Dawak: Healing Rituals of the Kalinga. *IAMURE International Journal of Health Education*, 2(1). *Philippine EJournals*. Retrieved January 12, 2020, from <https://ejournals.ph/article.php?id=2824>

McLaughlin, L. A., & Braun, K. L. (1998). Asian and Pacific Islander Cultural Values: Considerations for Health Care Decision Making. *Health & Social Work*, 23(2), 116-126. Oxford Academic. <https://doi.org/10.1093/hsw/23.2.116>

Mercado, L. N. (1990). POWER AND SPIRITUAL DISCIPLINE AMONG PHILIPPINE FOLK HEALERS. *Melanesian Journal of Theology*, 7(1), 63-75. Brill. <https://doi.org/10.1163/157338390X00092>

Somera, R. D. (1986). Pamumuwesto of Mount Banahaw. *Philippine Studies*, 34(4), 436-451. JSTOR. Retrieved January 16, 2021, from www.jstor.org/stable/42632965

Villapa, J. A. (2017, May). KATUTUBONG PANGGAGAMOT NG PANGKAT-ETNIKONG PALAWAN SA BROOKE'S POINT AT BATARAZA, PALAWAN. *Saliksik E-Journal*, 6(1), 57-84. *Philippine EJournals*. Retrieved July 22, 2020, from <https://ejournals.ph/article.php?id=11794>



From Pre-Alpha to Freestyle: Figure Skating Through the Lens of Filipino Figure Skaters

Sofia Ysobel D. Cariño

De La Salle University Integrated School, Biñan City, Laguna

Christian P. Gopez, Research Adviser

De La Salle University Integrated School, Manila

Abstract: Figure skating has been around since 1772 when an Englishman by the name of Robert Jones gave a whole new meaning to the concept of skating on ice, and since then, it has been a sport loved by many around the world. However, despite its long history, many researchers have stated that there is still a paucity of information regarding figure skating. In the Philippines, the dance sport was only introduced in the 1990s; hence, it is a relatively new concept that most researchers have yet to touch on. This study, therefore, aims to analyze figure skating in the Philippines through the lens of Filipino figure skaters. Using a qualitative phenomenological approach, the researcher conducted semi-structured interviews (SSI) with figure skaters and Philippine Skating Union (PHSU) coaches and officials. It was found that the practices which Filipino figure skaters do are the same ones being practiced abroad because as a country new to figure skating, the dance sport does not have much popularity yet which limits the chances of having practices that are uniquely Filipino. Despite this, there are still attempts to adapt foreign concepts to better fit the local skaters. The Filipino identity in figure skating also seems blurred as the respondents have varying perspectives on whether or not their fellow skaters instill a sense of Filipino identity into their routines. It was concluded that the dance sport is still far too young to be able to have an established perspective.

Key Words: figure skating; figure skaters; Filipino identity; dance sport

1. INTRODUCTION

The concept of skating on ice is believed to date as far back as 3000 B.C in Scandinavia (Mayer, 2018). While this remained as a concept for so long, it was finally materialized as a real sport in 1772 when a British artilleryman named Robert Jones coined the term “figure skating”. Later on, he created the first known instructional book, “A Treatise on Skating,” which included tips for beginners and instructions on how to perform certain moves (Hamilton, 2019). Formerly a dance sport with rigid movements, Jackson Haines reimagined its style and incorporated ballet concepts into it in order to transform the dance sport to what it is known for now—graceful and flowing (“Jackson Haines”, 2021).

Despite figure skating having an extensive history, it still comes as a surprise that there are barely any studies regarding the dance sport around the world. According to Grau in 2010, “dance scholars with a few exceptions rarely write about figure skating.” This statement has been backed up by many other researchers who share the same sentiments that there is indeed a “lack of systematic research” in the field of figure skating (Niinimaa, 2017). Taking things to a more local context, the dance sport of figure

skating is still very new in the Philippines. It only started in the country during the 1990s when the first ice skating rink in the Philippines was built in SM Megamall (Philippine Skating Union, n.d). This is likely due to the fact that winter sports are not as popular in tropical countries as it is in winter countries. In addition, the sport slowly started gaining attention from the masses during the early 2000s. Since then, the sport has been rather successful in producing high-level skaters including Michael Martinez who was the first-ever skater to represent South East Asia in the Olympics. However, this is no comparison to countries with decades of experience and the appropriate climate for this sport. Thus, it is no wonder that there are almost no known studies about figure skating made in the Philippines, much less the Filipino perspective of figure skating.

Therefore, this study will look into figure skating through the lens of Filipino figure skaters and coaches. It will specifically aim to answer the following research questions:

1. What are the practices of Filipino figure skaters that make them uniquely Filipino?
2. How does the Philippines adapt figure skating into its own context?



3. How do Filipino figure skaters instill a sense of Filipino identity into their figure skating routine?

2. METHODOLOGY

This research employed a qualitative phenomenological approach to describe figure skating through the lens of Filipino figure skaters and used a purposive sampling technique to identify key informants. The informants of this study are figure skaters ages 16 and above who train, compete, and represent the Philippines in local and/or international competitions for at least three years. The researcher also interviewed coaches and officials from the Philippine Skating Union (PHSU), the official governing body for figure skating and speed skating in the Philippines, to gain more insight regarding the study. A total of six figure skaters and four PHSU coaches or officials were interviewed.

An in-depth interview guide was used to conduct Semi-Structured Interviews (SSI), which covered topics such as: adapting foreign concepts, practices figure skaters do which are uniquely Filipino, challenges they face when training in the Philippines, their perception about Philippine figure skating in general, and lastly, their insights regarding the Filipino identity in figure skating. Interviews were conducted via Zoom and were recorded with the informants' consent. Most of the informants were of legal age; hence only an Informed Consent Form (ICF) was needed; however, for the minors, a Parental Consent Form was given.

Data were analyzed using thematic analysis. The researcher coded the data to highlight significant themes from the transcript and pseudonyms were assigned to each informant as Coach A-D and Skater A-F. Bruner's Narrative Theory was also utilized in data analysis which allows for more focus on important narratives and how these aid in understanding the stories and experiences of the key informants.

3. RESULTS AND DISCUSSION

3.1 Figure Skating Through the Lens of Filipino Figure Skaters

Figure skating is considered a foreign dance sport in the Philippines, likely due to the fact it is difficult to appreciate winter sports in a tropical country. However, in recent times, figure skating has built quite a following in the country. Because of this development, it is important to explore practices that figure skaters and coaches observe that are uniquely Filipino. Based on initial findings, Filipino figure skaters observe standard practices being done abroad,

specifically training regimens, movements, and other practices that are followed in the international scene. Localizing foreign practices is not easy; Coach D believes that the Philippines does not adapt nor even attempt to adapt foreign concepts into its own context, likely because the sport does not enjoy mainstream popularity yet. However, it is hoped that figure skating can be fully developed in a more localized context. Coach A states that, at times, coaches adapt training programs practiced abroad and adjust the same to better fit the needs of Filipino figure skaters. He also mentioned the need to incorporate Filipino themes into figure skating routines: "It's time for us to use more Filipino music into our programs. It's about time we introduce Filipino music and Filipino movements into the international scene."

Both the coaches and the skaters expressed that aside from challenges in localizing figure skating, they have encountered other issues that hinder the growth of the dance sport in the country. These issues include lack of funding, training equipment, support, facilities, and overall public interest and awareness. High costs and inadequate training programs are also of great concern. Among all the issues above mentioned, it is the lack of public interest and funding that seem to be the most critical matters that need to be focused on. Skater D stated, "I don't know if *mababa kasi 'yung demand* [of skating rinks]...or *wala kasing skating rink kaya mababa 'yung demand ng skaters*." He further explains that the advancement of figure skating is hindered because of the limited local talent pool. Additionally, coaches remarked that stigmas relating to figure skating being an elitist sport likewise contribute to the low public interest. According to the Philippine Statistics Authority (PSA), the average annual income for Filipino families as of 2018 is P313,000. With coaching sessions amounting to around P9,000 an hour, this sport is definitely not affordable for the average Filipino family. When asked about the challenges faced in the promotion of figure skating, coaches mentioned how difficult it is to ask for funding. It was discussed at length how figure skating in the Philippines operates like a business under SM Management, one of the biggest mall developers across South East Asia. Coach C discusses how SM Management's primary objective is to attract the masses: "The ice skating rink in SM is there to attract customers, it's not there to train Olympians... *kaya* when you ask the management for budget, *mahirap, kasi mahal*." He elaborates that since the main source of income comes from the public who skates for recreational purposes, lesser customers mean lesser income— therefore, lesser budget.

Inadequate funds logically lead to a lack of proper training equipment and facilities. Some national team skaters still feel the need to train abroad or seek out foreign coaches to search for better



opportunities that they cannot find in the country. However, Skater D believes that all figure skaters will eventually seek foreign coaches and opportunities abroad as they advance in the sport. She points out that even Yuzuru Hanyu, a very successful Japanese figure skater, still trains abroad in order to widen his perspective and experience. She sums everything up by saying, “I think the training environment means a lot to your training.”

Conversely, other figure skaters train abroad solely as a result of the lack of opportunities in the Philippines. Skater E introduces the idea that coaches in the Philippines are not as advanced compared to other countries. If one wishes to advance their training, they will need to go abroad because the expertise of the local coaches is limited up to a certain level only due to lack of exposure and training for them. She admits that though these coaches are good, she does not believe that they will be able to offer quality training for higher-level techniques as they are not equipped with the required knowledge and expertise to do so.

Ultimately, figure skating in the Philippines is currently in the early stages of its development, and thus, there still are several challenges that need to be addressed and prioritized. While there are attempts to adapt figure skating into a more local context, it is not easy to achieve due to the various issues discussed above.

3.2 The Filipino Identity in Figure Skating

It is difficult to instill the Filipino identity into the skating routines of Filipino figure skating students when the local sports management limits the use of Filipino music. Coach C mentioned that SM not only discourages skaters from using Filipino songs for their programs, but also discourages that these songs be played during public hours in the rink. For this reason, figure skaters who want to incorporate Filipino themes into their programs cannot do so, while some disregard the idea entirely because of the difficulties in gaining permission to use Filipino songs. Coach C also declared, “Our generation [in the '90s] used to skate to Filipino songs but it is not practiced now, or it is frowned upon because it does not follow the brand of SM Lifestyle as a mall,” further stating how Filipino figure skaters have much potential in exploring their creativity should they be allowed to skate to that type of music.

Moreover, when asked if incorporating Filipino dance movements into figure skating was possible, the informants had varying opinions. Some agreed and explained how versatile Filipino movements are, noting it was entirely possible to incorporate them into figure skating. It was also stated that using Filipino music would likewise

greatly contribute to introducing the Filipino culture to the international community as well. Coach B says, “One thing I love about figure skating is you can be whatever you want to be.” Figure skaters agreed to this statement by explaining how the innate grace and artistry Filipinos have would translate well if Filipino movements were incorporated into figure skating routines.

In contrast, other informants disagreed with the possibility of incorporating Filipino movements and themes into figure skating because they labeled it as a risk. When competing, it is important that the judges are familiar with the music to allow them to focus more on scoring the performance. Coach D mentioned that using Filipino themes introduce a very unknown concept to the judges, making them focus more on getting acquainted with the theme rather than paying attention to the performance itself. Skater D supported this by narrating how judges want to see a skater’s personal touch to the music. Using Filipino themes will result in the judges focusing more on understanding the chosen theme instead of connecting with the skater. Coach A countered this argument, though, by arguing that judges are already proficient in understanding music; thus the use of Filipino themes should not be seen as a risk to prevent its use.

Finally, many figure skaters agreed to incorporate a sense of Filipino identity into their craft. They elucidated how their identity is present when competing abroad and how they carry themselves before an international audience. Skater C states, “when Filipinos compete abroad, you can really tell by their personality and how they carry themselves that they are Filipino.” Not all share this view, though; Skater D, in particular, commented, “*Parang hindi naman, kasi* even other skaters, they don’t really have their natural identity into their programs.” He ends by saying how there is no national identity in figure skating and that it is hard to incorporate it into the sport.

In retrospect, the presence of Filipino identity in figure skating is still blurred, as seen in the varying opinions stated above. In addition, Philippine figure skating is still largely based on international standards and practices. Many of the competitions that skaters compete in are also done abroad which is why there is a tendency to follow more international standards and themes.

4. CONCLUSION

In summary, figure skating in the Philippines is far too young for it to have an established Filipino perspective. The community does not have practices that can be identified as uniquely Filipino since Filipino skaters seem to adopt international practices rather than localizing the



same. More so, evolving uniquely local concepts proves to be a big challenge because, while there are small steps taken to somehow adapt foreign concepts, the notion of using Filipino themes in international competitions is still labeled as a risk. Notably, the Filipino identity in figure skating seems blurred as the informants have differing perspectives on whether or not skaters incorporate it into their routines. Ultimately, only when all challenges have been addressed can the Filipino perspective in figure skating be fully realized.

5. ACKNOWLEDGEMENTS

This research would not be possible if not for the continuous support of family and friends who have been a source of encouragement while completing this research paper. Special thanks to my research adviser, Mr. Christian P. Gopez, who has offered his continuous guidance, wisdom, and patience throughout the completion of this paper. I would also like to extend my sincerest gratitude to all research mentors who have helped in honing my abilities in academic writing.

Thank you to De La Salle University, which has provided me with this opportunity and platform to share my research and be able to spread more knowledge about figure skating in the Philippines.

And lastly, I would like to thank all the figure skaters and coaches alike who shared all their experiences in Philippines figure skating. This research would not be possible if not for your support, especially to Ms. Celene Grace, who helped me build connections in the figure skating community.

I would like to dedicate this research to all the Filipino figure skaters and coaches, and to the figure skating community in the Philippines. This research is meant to spread more awareness and information about this beautiful dance sport in the country. To the Filipino figure skating community, this study I offer to you.

6. REFERENCES

- Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2021, January 1). Jackson Haines. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/biography/Jackson-Haines>
- Grau, A. (2010). Figure Skating and the Anthropology of Dance: The Case of Oksana Domnina and Maxim Shabalin. https://www.academia.edu/413857/Figure_Skating_and_the_Anthropology_of_Dance_The_Case_of_Oksana_Domnina_and_Maxim_Shabalin
- Hamilton, S. (2019, May 13). Figure skating. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/sports/figure-skating>
- Niinimaa, V. (December 18, 2017). Figure Skating: What Do We Know About It?. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/00913847.1982.11947146>

Philippine Statistics Authority. (July 31, 2018). Income and Expenditure. <https://psa.gov.ph/survey/annual-poverty-indicator>